University of the Philippines Integrated School
Diliman, Lungsod ng Quezon
T.A. 2015-2016

Araling Panlipunan 8 at 9
KASAYSAYAN NG DAIGDIG
Ikaapat na Markahan
Inihanda ni: Frauline C. Tadle

Petsa ng Pagtuturo: Enero 27 at 29
Target ng mga mag-aaral: 8- Firefly (MB 9:00-10:30)
8-Honeybee (MB 1:00-2:30)
9-Argon (MB 2:30-4:00)
Oras na gugugulin: dalawa at kalahating oras

Paksa	**Mga Rebolusyong Pampulitika at Panlipunan**
Mga Ispesipikong sakop	➢ Rebolusyong Amerikano ➢ Rebolusyong Pranses ➢ Rebolusyong Latin Amerikano ➢ Mga Pamana
Mga Layunin	**Matapos ang araling ito, ang mga mag-aaral ay inaaasahan na:** 1. Nasusuri ang mga dahilan at epekto ng mga rebolusyon sa France, Hilagang Amerika, at Latin Amerika 2. Nailalahad ang mahahalagang kaganapan sa mga rebolusyon 3. Naipaghahambing ang iba't ibang aspeto ng Rebolusyong Pranses, Amerikano, at Latino, at 4. Naihahambing ang karanasan at kinahitnan ng mga rebolusyon sa Pilipinas sa mga naging Rebolusyon sa mga tinukoy na lugar.
Mga Konsepto	• **Rebolusyong Amerikano** ○ Colonists ○ Puritans ○ Seven Years' War ○ Sugar Act ○ Stamp Act ○ Townshend Act ○ Boston Massacre ○ Boston Tea Party ○ Intolerable Acts ○ Declaration of Independence ni Thomas Jefferson ○ Heneral George Washington ○ Common Sense ni Thomas Paine ○ Treaty of Paris • **Rebolusyong Pranses** ○ Ancien Regime

	○ First, Second at Third Estate ○ Philosophe ○ Louis XV ○ Louis XVI at Marie Antoinette ○ Estate-General ○ National Assembly ○ Pagbagsak ng Bastille ○ Reign of Terror ○ Guillotine ○ Napoleon Bonaparte ○ Maximillien Robespierre • **Rebolusyon sa Latin Amerika** ○ Digmaan sa Peninsula ○ Simon Bolivar at Gran Colombia ○ Don Pedro I ○ Jose de San Martin
Mga Kagamitan	➢ LCD Projector ➢ slide presentation ➢ indeks kard ➢ post cards ➢ panulat ➢ hand-out ng takdang aralin ➢ laptop ➢ activity kits → Kit 1 ◆ larawan ng Boston Massacre ◆ ¼ Manila paper ◆ panulat ◆ mga katanungan → Kit 2 ◆ sipi mula sa Declaration of Independence ◆ mga katanungan ◆ ¼ Manila paper ◆ panulat → Kit 3 ◆ sipi mula sa Talaarawan ni Jeremiah Greenman ◆ mga katanungan ◆ ¼ Manila paper ◆ panulat → Kit 4 ◆ larawan ng Ancien Regime at ng kanilang populasyon ◆ mga katanungan ◆ ¼ Manila paper ◆ panulat → Kit 5 ◆ larawan ng guillotine sa plasa noong Reign of Terror

	◆ mga katanungan ◆ ¼ Manila paper ◆ panulat ➢ marker ➢ tape/magnet ➢ gunting
Introduksyon (30 minuto)	**Gawain: "Teacher, si _____ ay..."** 1. *Babati ang guro sa mga mag-aaral.* 2. *Mamimigay ng isang index card sa bawat mag-aaral at ipasusulat doon ang kanilang pangalan.* 3. *Muling kukunin ang mga index card at ilalagay sa isang box. Haluin ang mga ito at pabubunutin ang bawat mag-aaral ng isa. Siguraduhin lamang na hindi makukuha ng mga mag-aaral ang sarili nilang index card.* 4. *Sa loob ng 5 minuto ay ilalarawan ng bawat mag-aaral ang kaklase na naunot nila. Sisimulan nila ang paglalarawan sa linya na **"Teacher, si (pangalan ng nabunot ay..."**.* 5. *Lahat na mag-aaral ay babasahin ang kanilang deskripsyon ng kanilang kamag-aral.* **Gawain: Mensahe para kay Teacher** 1. *Magpapakilala ang guro at sasabihin ang ilang mahahalagang impormasyon hinggil sa sarili (Buong pangalan, tirahan, ilang mga hilig at hindi hilig, etc.).* 2. *Ipamimigay ang post cards. Sa kalahating bahagi noon ay nakasulat ang isang liham mula sa guro gayundin ang isang 'quote'.* 3. *Para sa natitirang bahagi ay susulat ang mga mag-aaral ng liham para sa kanilang guro hinggil sa inaasahan nila mula rito. Magbibigay rin sila ng isang tanong na nais nilang malaman mula sa guro.* 4. *Gugupitin sa gitna ang post card at ibabalik sa guro ang bahaging may nilalaman na liham ng mag-aaral.*
Panimulang Gawain at Pagganyak (30 minuto)	➢ *Pagbabalik aral sa aralin hinggil sa ideya ng lipunan at pamamahala mula sa mga philosophes, partikular na ng ideya nina John Locke* → **"Ano ang naging paksa ng talakayan noong nakaraang sesyon?"** → **"Sino-sino ang mga personalidad noong panahon ng Rebolusyong Siyentipiko at ano ang kanilang naging kontribusyon sa lipunan sa kasalukuyan?"** → **"Si John Locke ay itinuturing na isa sa mga pinakatanyag na philosophes noong panahon ng Enlightement. Paano niyo ilalarawan ang naging layunin ng mga Philosophes sa panahong**

	ito?" → **"Kaugnay kay Locke, ano-anong mahahalagang kaisipan ang ipinaman niya sa mundo?** **<u>Pangkatang Gawain</u>** ➢ *Magsasama-sama ang mga magkakagrupo at bubuo ng bilog sa isang bahagi ng classroom.* ➢ *Bibigyan ang bawat pangkat ng 2 minuto upang gumawa ng maikling* ***yell na may kinalaman sa rebolusyon*** *para sa pagpapakilala ng kanilang pangkat. Iparirinig ito sa klase.* ➢ *Ibibigay ng guro ang kanilang mga kagamitan. Nakapaloob sa envelope and mga materyales at panuto ng kanilang gagawin bilang pangkat.* ➢ *Mayroon silang 15 minuto upang gawin ito.* ➢ *Pipili ang bawat pangkat ng isa hanggang dalawang kasapi na siyang mag-uulat sa klase.* ➢ *Kung matapos ang gawain ay gagamitin bawat pangkat ang kanilang yell bilang tanda ng kanilang pagtatapos.* ➢ *Babalik sa upuan ang mga grupong natapos na hanggang sa matapos ang lahat ng pangkat.* ➢ *Mag-uulat ang bawat pangkat kapag tinawag na ng guro.* ➢ *Bibigyan ng marka ang gawa ng bawat pangkat batay sa:* ➔ **Nilalaman - 10 puntos** ➔ **Paraan ng pag-uulat -10 puntos** ➔ **Kalinisan ng awtput - 5 <u>puntos</u>** **25 puntos**
Mga Gawain at Pagtalakay	**<u>REBOLUSYONG AMERIKANO</u>** ➢ *Magpapakita ang guro ng ilang mga larawan mula sa pelikulang "Pocahontas" (larawan ni Pocahontas at ni Kapitan John Smith) at itatanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:* → **"Sino-sino ang mga nasa larawan?"** ◆ **<u>Inaasahang tugon:</u> Pocahontas at Kapitan John Smith** → **"Sino ang makapaglalahad na maikling buod ng kanilang kwento?"** ◆ **<u>Inaasahang tugon:</u> Pandarayuhan ng ilang Ingles sa lupain nina Pocahontas. Nagmahalan ang dalawa ngunit hindi nagkatuluyan.** → **"Ang ilang pangyayari at karakter sa Pocahontas ay batay sa mga totoong pangyayari sa kasaysayan (*Magpapakita ang guro ng mga larawan ng tunay na Pocahontas at John Smith).* Sa kasalukuyan, saang bansa kaya natin matatagpuan ang Jamestown?** ◆ **<u>Inaasahang tugon:</u> Virginia, United States** ➢ *Magpapakita ang guro ng mapa ng 13 colonies*

	→ **"Kung babalikan natin ang inyong mga tinalakay noong nakaraan, ang Virginia sa Estados Unidos ay bahagi ng anong grupo ng mga lokasyon sa bansa?** ◆ **Inaasahang tugon:** 13 colonies → **"Bakit nandayuhan ang mga Ingles mula Britanya papuntang Amerika? Ano-ano ang mga dahilan ng pandarayuhang ito?"** ◆ **<u>Inaasahang tugon:</u>** Upang iwasan ang persekusyon laban sa mga Protestante na nagaganap sa kanilang bansa; bilang bahagi ng Panahon ng Paggalugad, naghahanp sila ng mga bagong lupain para sa kapangyarihan, katanyagan at relihiyon. ➢ *Tatalakayin ng guro ang dahilan ng pagbabago ng tawag sa mga Ingles na namalagi at nanirahan sa Amerika:* ***mula pagiging settlers patungong colonists.*** ➢ *Magpapakita ang guro ng mapa ng 13 colonies at Britanya.* → **"Paano nakatulong ang heograpiya ng 13 kolonya upang umusbong at magsimula ang Rebolusyong Amerikano?** ◆ **<u>Inaasahang tugon:</u>** Maraming tinatamasang pribelihiyo ang mga colonists. Malaya silang magmay-ari ng lupa at palaguin ito nang hindi nakatali sa sitema ng aristokrasya gaya ng sa Britanya. Sapagkat malayo at marami sa kanilang ang hindi na ipinanganak sa Britanya, mahina rin ang naging koneksyon at katapatan nila sa Hari ng England. Nakahawak rin sila ng mga mahahalagang pwesto sa pamahalaan na maaaring malabo nilang magawa sa Britanya. ➢ *Pagtalakay hinggil sa* ***Seven Year's War, epekto nito sa Britanya at pagpapatupad nila ng Sugar Act (1764), Stamp Act (1765) at Townshend Act (1767).*** Dahil sa mga buwis na ito umalma ang 13 colonies. Ayon sa kanila, ang ginagawa ng Britanya ay **"taxation without representation".** → **"Dahil sa mga buwis na ito, umalma ang 13 colonies. Nag-aamok sila pagkat ang ginagawa ng Britanya, ayon sa kanila, ay "taxation without representation." Ano ang ibig sabihin nito?** ◆ **<u>Inaasahang tugon:</u>** Ang mga colonists ay kinukuhanan ng buwis ngunit wala silang boses sa Parliamento ng Britanya. Ang nais sana nila ay magkaroon ng representasyon ang mga colonists sa Parliamento nang sa gayon ay marining ang kanilang tinig sa paggawa ng batas. Katulad ito ng hinihingi ng mga Ilustrado mula sa Espanya dito sa Pilipinas. → **"Kung gayo'y, ano ang ninanais na mangyari ng mga colonists?"** ◆ **<u>Inaasahang tugon:</u>** Ang nais sana nila ay magkaroon ng representasyon ang mga colonists sa Parliamento nang sa gayon ay

	marining ang kanilang tinig sa paggawa ng batas. → **"Sa inyong palagay, pumayag ba ang Britanya sa panawagan na ito ng mga colonists? Bakit?"** → **"Kung babalikan ang kasaysayan ng Pilipinas, aling bahagi ng ating kasaysayan ang matutulad sa hinihingi ng mga colonists mula sa Espanya?"** ◆ **<u>Inaasahang tugon:</u>** Katulad ito ng hinihingi ng mga Ilustrado mula sa Espanya dito sa Pilipinas. ➢ *Sapagkat hindi nagkasundo, lalong tumindi ang hidwaan. Lumalala pa ito dahil sa pangyayari sa Boston.* ➢ *Tatawagin ang **PANGKAT ISA** upang iulat ang kanilang ginawa.* ➢ **PRESENTASYON NG PANGKAT ISA** ➢ *Hihingin ang opinyon ng ibang mag-aaral hinggil sa pangyayari.* ➢ *Malalim at mas detalyadong pagpapaliwanag ng guro hinggil sa **Boston Massacre.*** → **"Batay sa naging ulat ng unang pangkat, bakit nagkaroon ng magkaibang bersyon ang pangyayari?"** → **"May maituturing kaya tayong "tama" o "mali" sa nangyari? Kung ilalagay natin ang sarili natin sa mga lugar ng mga Amerikano, tama kayang batuhin ang mga sundalo at mali na paputukan sila? Kung tayo naman ang mga sundalong Ingles, tama bang barilin sila sapagkat iyon ay isa lamang depensa at mali na sugurin sila ng mga Amerikano?"** → **"Ano ang ipinahihiwatig nito hinggil sa pag-aaral ng kasaysayan?"** ➢ *Pagtalakay sa pagpataw ng **Tea Act noong 1773 at ang naganap sa Boston Tea Party** bilang reaksyon rito.* ➢ *Pagpapabasa sa mga mag-aaral ng "Revolutionary Tea", isang awit ng isang di kilalang indibidwal. Ipapasalungguhit sa mga mag-aaral ang sa tingin nila'y mahahalagang bahagi ng awit.* → **"Anu-ano ang mga mahahalagang salita, taludtod o saknong mula sa awit?"** → **"Ano ang kahulugan ng mga ito?"** → **"Habang binabasa ninyo, ano sa palagay niyo ang pangkalahatang emosyong namamayani sa awit? Ano ang nais nitong ipabatid sa mga makikinig?"** ➢ *Pagtalakay sa **Intolerable Acts, labanan sa Lexington at Concord** na*

	siyang naging hudyat ng pagsisimula ng Rebolusyong Amerikano. Ang pwersang Amerikano ay pinamumunuan ni ***Heneral George Washington.*** → **"Bagaman nagsimula na ang digmaan, mayroon pa ring mga Amerikano na nananatiling tapat sa Britanya. Tinawag silang mga Loyalists samantalang may 45% naman ang bilang ng mga Patriots na nagnanais ng kalayaan. Bakit nananatiling tapat ang may 20% ng populasyon ng mga Amerikano sa Britanya?** → **Bakit may malaking bahagi ng populasyon na tila walang pakialam?** ➢ Sandaling ipapabasa ng guro ang sipi ng Common Sense at itatanong sa mga mag-aaral: → **Upang makakuha ng dagdag ns suporta isinulat ni Thomas Paine ang "Common Sense". Anu-ano ang mga dahilang ibinigay ni Thomas Paine upang suportahan ang rebolusyon at paglaya?** ◆ **<u>Inaasahang tugon:</u>** Tila ipinapahiwatig ni Paine sa Common Sense na ang kanilang paglaya ay nakatakda dahil na rin sa distasnya sa pagitan ng kolonya at Britanya at sa katangian ng mga taong naninirahan rito. → **Batay sa nakalipas na aralin, anong pananaw sa kasaysayang ang ginamit ni Paine sa pagsulat nito?** ◆ **<u>Inaasahang tugon:</u>** Radikalismo. Mayroong **Banal na Pwersa** na nagtakda rito. → **Sa inyong palagay ba ay nakatulong ang akda sa pagkuha ng suporta? Sa paanong paraan?** ➢ *Pagtalakay sa* ***paglagda ng Declaration of Independence*** *na isinulat ni* ***Thomas Jefferson.*** ➢ *Tatawagin ang* ***PANGKAT DALAWA*** *upang iulat ang kanilang ginawa.* ➢ **PRESENTASYON NG PANGKAT DALAWA.** ➢ *Hihingin ang opinyon ng ibang mag-aaral hinggil sa dokumento.* → **Paano nito hinubog ang pulitikal na sistema sa mundo sa kasalukuyan?** ➢ *Pagtalakay sa mga pagsubok na kinaharap ng mga sundalong Ingles sa digmaan:* → **Sa inyong palagay, ano-ano ang mga posibleng hirap na naranasan ng mga sundalong Ingles sa digmaan?** ➢ *Tatawagin ang* ***PANGKAT TATLO*** *upang iulat ang kanilang ginawa.*

- **PRESENTASYON NG PANGKAT TATLO.**

- *Hihingin ang opinyon ng ibang mag-aaral hinggil sa porma ng suporta na ibibigay nila sa mga sundalong Amerkiano.*
- *Pagtalakay sa suporta mula sa mga bansang* ***France, Spain at Netherlands, pagpirma sa Kasunduan sa Paris***

  → **Matapos ang digmaan, ano ang kinahitnan ng Amerika? Anong porma ng pamamahala ang kanilang sinimulan? Sino ang naboto bilang maging unang pangulo?**
    - **<u>Inaasahang tugon:</u> Pederalismo; George Washington**

  → **Batay sa naging talakayan, anu-ano ang naging pamana ng Rebolusyong Amerikano sa kasaysayan?**
    - **<u>Inaasahang sagot:</u>** Nagbigay daan sa demokrasya sa pamamagitan ng pagbibigay diin sa popular sovereignty at national self-determination.

  → **Kung babalikan ang naging kasaysayan ng Amerika, matapos makalaya ay isa naman sila sa mga bansang nanguna sa panibagong serye ng pasakop. Ano ang palagay ninyo sa mga naging aksyon ng Amerika na ito?**

<u>REBOLUSYON PRANSES</u>

- *Introduksyon sa Rebolusyong Pranses, impluwensiya ng mga philosophes at ng Rebolusyong Amerikano.*

- *Tatawagin ang* ***PANGKAT APAT*** *upang iulat ang kanilang ginawa.*

- **PRESENTASYON NG PANGKAT APAT.**

- *Pagpapalalim ng talakayan hinggil sa Ancien Regime, ang tatlong estado at ang kalagayan ng bawat estado: ang pagiging* ***absolute na kapangyarihan ng*** *hari at ng Third Estate na sinisingil pa ng* ***tithe,*** *isang uri ng buwis, ng simbahan.*

  → **Anong uri na pamahalaan mayroon sa France noong Ancien Regime?**
  → **Ano ang ibig sabihin ng absolute na kapangyarihan ng hari? Paano nito naapektuhan ang kalagayang panlipunan sa isang estado gaya ng France?**

- *Talakayin ang mga tinuturong dahilan ng rebolusyon:* ***1) Pagkabaon sa utang dahil sa mga digmaang kinasangkutan ng Pransya; 2) Pagiging maluho ng mga miyembro ng First at Second Estate, partikular na ng asawa ng mahinang hari na si Louis XVI na si Reyna Marie-Antoinette; 3) impluwensiya ng Rebolusyong Amerikano, lalo na't may***

mga sundalong Pranses na kasama rito gaya ni Marquis Lafayette.

- *Talakayin ang hindi pagsang-ayon ng mga mamayan kaya't ipinatawag ni Louis XVI ang* ***Estate-Generals.*** *Dito, may representasyon ang lahat ng estado ngunit hindi nagkasundo ang mga miyembro kaya't humiwalay ang Third Estate at itinatag ang* ***National Assembly*** *na nangakong hindi titigil hangga't walang konstitusyong naisusulat.*

- *Mula monarkiya, ay naging limited monarchy ang pamahalaan sa Pransya. Kalaunan, napunta sa mga radikal na* ***Jacobins*** *ang kapangyarihan at sila ay nagtatag ng isang republika. Isa sa mga makapangyarihang lider nila ay si* ***Maximilien Robespierre*** *Nagsimula ang isang taong* ***Reign of Terror***

- *Tatawagin ang* ***PANGKAT LIMA*** *upang iulat ang tungkol sa guillotine kondisyon ng Pransya noong Reign of Terror.*

- **Presentasyon ng PANGKAT LIMA.**

- *Pagpapalalim sa talakayan hinggil sa* ***Reign of Terror***
  - → **Ilan sa mga namatay gamit ang guillotine ay si Haring Louis XVI at Reyna Marie- Antoinette. Sa inyong palagay, makatarungan ba ang naging kamatayan nila? Nakatulong ba ito sa pagbabago sa Pransya? Bakit o bakit hindi?**

  - → **Kung kayo ay nasa Pransya noong panahon na iyon, at mayroong kapangyarihan at impluwensiya sa pamahalaan, pahihintulutan niyo ba ang ginawa ng mga lider ng Jacobins na pagsupil sa mga miyembro ng aristokrasya at sumusuporta sa kanila? Bakit o bakit hindi?**

- *Naging slogan ng Jacobins ang* ***Egalite, Liberte, Fraternity*** **o Equality, Liberty at Fraternity.** Kalaunan, dahil sa pagmamalabis, nagkaroon ng coup d' etat sa pamumuno ni **Napoleon Bonaparte** at itinatag ang isang **Directory kapalit ng Republika.** Kinilala ang kanyang kadakilaan at galing sa laban. Nakapagtatag siya ng isang impreyo matapos sakupin ang Austria, Russia, Prussia, Espanya at Italya. **Hinirang si Bonaparte bilang Emperador.** Kasabay ng kanyang pananakop ang pagpapalganap ng ideya ng French revolution at ng **Napoleonoc Code** o grupo ng mga batas na nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay.

  - → **"Nakakapagtaka na matapos buwagin ang monarkiya ay muli ring bumalik sa monarkiya ang mga Pranses? Paano nagkaiba ang monarkiya bago at matapos ang rebolusyon? Sa inyong palagay, bakit hinayaan ito ng mga Pranses?**

- *Ngunit hindi nagtagal ay bumagsak ang kanyang imperyo hanggang sa matalo siya sa Waterloo noong 1815 bago ipatapon sa isla ng Saint Helena kung saan na siya nasawi.*

	➢ *Mga pamana ng Rebolusyong Pranses:* Sinalamin ng French Revolution ang mga ideya ng Enlightenment sa pamamagitan ng kanilang slogan na: **Liberté, égalité, fraternité o Liberty (Kalayaan), Equality (Pagkakapantay-pantay) at fraternity (Pagkakapatiran).** *Pinatunayan nito na maaaring mawakasan ang kapangyarihan ng hari. Dagdag pa rito ay ipinakita rin ng karanasan ng mga Pranses ang iba't ibang paraang ng pamumuno mula Monarkiya, Republika, Directory, Emperyo.* **<u>REBOLUSYONG LATIN-AMERIKANO</u>** ➢ *Pagtalakay sa paglaganap ng ideya ng Rebolusyong Pranses sa Timog Amerika.* ➢ *Pagbabalik aral sa Social Classes sa isang kolonya ng Espanya, hindi nasisiyahang Criollos at Mestizos dahil sa limitadong kapangyarihan, pang-aabuso sa mga mulatto at African slaves at ang pagkatalo ng Espanya sa **Peninsular War*** ➢ Dahil sa mga pag-aalsa, lumaya ang karamihan sa mga bansa sa Timog Amerika maliban sa iilan na nahuli ng ilang taon gaya ng Cuba, Guyana, Bahamas at Jamaica.
Paglalagom at Paglalapat	➢ **Paano nagkakaiba-iba ang ang katangian ng rebolusyon sa Amerika, Pransya at Latin Amerika?** → **<u>Inaasahang tugon:</u> Ang rebolusyon sa Amerika ay pagitan ng magkakalahi, sa Pransya naman ay laban sa monarkiya samanatalang sa Latin Amerika naman at laban sa kolonyalismo.** **Realizations:** • Malaki ang naging impluwensiya ng mga ideya ng philosophes sa mga naganap na rebolusyong pampulitika at panlipunan sa modernong kasaysayan. • Dahil sa mga rebolusyong ito, muling bumukas ang pinto para sa porma ng pamamahalang demokratiko na sinimulan ng mga Griyego daang taon na ang nakalilipas. • Napatunayan ng mga mamamayan ang kakayahan nilang baguhin ang kanilang kapalaran, isang pag-iisip na sinimulan at naging pamana ng Renaissance.
Pagtataya/ Takdang Aralin	**<u>Takdang Aralin:</u>** 1. Mula sa tatlong rebolusyong tinalakay, pumili ng dalawa at paghambingin ang mga katangian nito. 2. Gumuhit ng isang venn diagram sa isang malinis na bond paper. 3. Magbigay ng 3 pagkakaiba at 2 pagkakatulad ng dalawang rebolusyon.

	Bawat isang punto ay nagkakahalaga ng 2 puntos **(Total= 10 puntos)** 4. Sa ibaba ng diagram, sagutin ang katanungan sa ibaba sa pamamagitan ng **5 pangungusap** lamang**:** **"Batay sa mga tala sa ating kasaysayan, ang Supremo Andres Bonifacio ay nakabasa ng mga aklat hinggil sa Rebolusyong Pranses at buhay ng mga Pangulo ng Estados Unidos. Paano nito naapektuhan ang kanyang pananaw, desisyon at mga aksyon hinggil sa kalagayan ng bansa at ng mga Pilipino noong panahon ng mga Espanyol?"** 5. Panatilihing malinis ang gawa. Limang puntos para sa malinis na awtput.
Mga Sanggunian	Mateo, G.E., et. al. (2006). *Kabihasnang Daigdig: Kasaysayan at Kultura.* Quezon City: Vibal Publishing House, Inc. pp. 252-262. Villoria, E., et.al. (2005). *The World: History and Civilization.* Quezon City: Vibal Publishing House, Inc. Online Sources: • http://www.discoveryeducation.com/teachers/free-lesson-plans/the-american-revolution-causes.cfm • http://historyisfun.org/pdf/life-of-a-private/Witness%20to%20Revolution%20-%20Jeremiah%20Greenman.pdf • http://www.archives.gov/exhibits/charters/print_friendly.html?page=declaration_transcript_content.html&title=NARA%20|%20The%20Declaration%20of%20Independence%3A%20A%20Transcription • http://www.pbs.org/marieantoinette/faces/antoinette.html • http://www.pbs.org/marieantoinette/faces/louis_xvi.html

Apendiks #1: Activity Cards

Pangkat 1: Boston Massacre

Pananaw sa Britanya

Pananaw sa Amerika

*note: Ang mga taong nakasuot ng pulang uniporma sa dalawang larawan ay ang mga sundalong Ingles. Ang natitira ay ang mga Amerikano.

Mga Katanungan

1. Ano ang naganap sa Boston noong 1770?
2. Paano nagkakaiba ang bersyon ng ulat sa kolonya at sa Britanya?
3. Sa inyong palagay, paano ito nakatulong sa pagsisimula ng Rebolusyong Amerikano?

Pangkat 2: Declaration of Independence

Sipi mula sa “Declaration of Independence” na nilagdaan ng 13 colonies noong Hulyo 4, 1776.:

“We hold these truths to be self-evident, that all men are created equal, that they are endowed by their Creator with certain unalienable Rights, that among these are Life, Liberty and the pursuit of Happiness.--That to secure these rights, Governments are instituted among Men, deriving their just powers from the consent of the governed, --That whenever any Form of Government becomes destructive of these ends, it is the Right of the People to alter or to abolish it, and to institute new Government, laying its foundation on such principles and organizing its powers in such form, as to them shall seem most likely to effect their Safety and Happiness. Prudence, indeed, will dictate that Governments long established should not be changed for light and transient causes; and accordingly all experience hath shewn, that mankind are more disposed to suffer, while evils are sufferable, than to right themselves by abolishing the forms to which they are accustomed. But when a long train of abuses and usurpations, pursuing invariably the same Object evinces a design to reduce them under absolute Despotism, it is their right, it is their duty, to throw off such Government, and to provide new Guards for

their future security.--Such has been the patient sufferance of these Colonies; and such is now the necessity which constrains them to alter their former Systems of Government. The history of the present King of Great Britain is a history of repeated injuries and usurpations, all having in direct object the establishment of an absolute Tyranny over these States. To prove this, let Facts be submitted to a candid world."

Mga Katanungan:

1. Alin-aling bahagi ng sipi ang sa tingin ninyo'y nagpapahayag ng "rationale" ng paglaya ng Amerika mula sa Britanya? Salungguhitan ito at basahin sa klase.
2. Paano naipakita sa Declaration of Independence and ideya ng mga philosophes gaya ni John Locke?
3. Paano nito hinubog ang pulitikal na sistema sa Estados Unidos hanggang sa kasalukuyan?

Pangkat 3: Talaarawan ni Jeremiah Greenman

Witnesses to Revolution

Jeremiah Greenman - A young soldier from Rhode Island
First-person account based closely on Jeremiah Greenman primary source documents

October 1775:
"Set out this morn very early. Left 5 sick men in the woods that was not able to march. Our provision being very short we killed a dog. I got a small piece of it…In a very miserable situation. This morn when we arose many of us so weak that we could hardly stand, we staggered about like drunken men. Very cold and snowing, marched down the river on the frozen ground bare-footed. In prison, 1776: Hear we live very discontented and quite out of hope of ever being reliv'd."

Primary Source Document
November 1775:
In a very misrabel situation / nothing to eat but dogs / hear we killed a nother and cooked / I got Sum of that by good [luck] with the head of a Squirrll with a parsol of Candill wicks boyled up to gether wich made a very fine supe without salt /
…this morn marched down the river on the frozen ground bare footed and very Cold till at last I came to a french house ware I [blank] a pair of Seal Sil maugerson and had Sum fine Supe made out of cabage and bread / hear in this house I sleep by the fire.
Military Journal of Jeremiah Greenman

Source:
Robert C. Bray and Paul E Bushnell, eds., *Diary of a Common Soldier in the American Revolution, 1775-1783*: *an Annotated Edition of the Military Journal of Jeremiah Greenman.* Northern Illinois University Press, 1978.

Mga Katanungan:

1. Anu-ano ang porma ng mg pagsubok na kinaharap ng mga sundalong Amerikano noong digmaan?
2. Ano ang inyong naramdaman habang binabasa ang mga isinulat ni Greenman? Bakit?
3. Kung ikaw ay isa sa mga Amerikanong sumusuporta sa paglaya noon, anu-anong porma ng suporta ang iyong ibibigay sa mga sundalo?

Pangkat 4: Ancien Regime



Mga Katanungan:

1. Paano niyo ilalarawan ang kalagayan ng First, Second at Third Estate sa unang larawan?
2. Paano naman ipinapakita ng ikalawang larawan ang paghahati ng kayamanan, kapangyarihan at mga resources sa Ancien Regime?
3. Ilagay ang inyong sarili sa kalagayan ng Third Estate. Ano ang inyong mararamdaman? Bakit?

Pangkat 5: Guillotine



King Louis XVI

“Louis XVI was born Louis-Auguste at Versailles on August 23, 1754. Following the death of his grandfather Louis XV, he ruled as King of France...

However, the twenty-year-old king inherited a government deeply in debt, and a society in which entrenched privilege made it difficult if not impossible to effect the social, economic, and political reforms that were necessary both to solve the monarchy's financial problems and to keep up with a rapidly changing society and economy. In 1789 he convened the Estates-General for the first time in almost 200 years to address these problems.

But when the representatives of France's traditional three estates (the clergy, the nobility, and everybody else) gathered in Versailles that spring, they proved unwilling or unable to agree even upon how the deliberations should take place and votes should be counted. Out of the ruins of the Estates General the representatives of the Third Estate claimed power as the National Assembly, forced the King to order the other representatives to join them, and the French Revolution had begun...

Along with the rest of the royal family, Louis XVI was forced to leave Versailles in October 1789, under escort of a crowd of Parisian women and men who led them in triumph to the Tuileries Palace in the heart of Paris. After a failed escape attempt to Austria in June 1791, the royal family was returned to Tuileries and placed under house arrest. In August 1792, the King was suspended, and the following month, the monarchy itself was abolished when France was declared a republic. Found guilty of treason by the National Convention, he was executed on January 21, 1793.

Mula sa : http://www.pbs.org/marieantoinette/faces/louis_xvi.htmlhttp://www.pbs.org/marieantoinette/faces/louis_xvi.html

Queen Marie Antoinette

"As Queen of France, Marie Antoinette had no official role and no legitimate political power — her main job was to produce a male heir to continue her husband's royal line.

This goodwill quickly eroded as the King's economic policies failed, while his Queen failed to produce an heir. He seemed to lose interest in government, as she became aggressively social, attending the Opera and dances in the capital, gambling and partying late into the night at Versailles. In public and at court she was seen only in the latest and most expensive fashions. Rumors about her alleged secret lovers and out-of-control spending increased….

Marie Antoinette's first child, Marie Therese Charlotte, was finally born in December 1778, followed by Louis Joseph in 1781, Louis Charles in 1785 and Sophie Béatrix in 1786. As she grew older, the Queen became less extravagant, devoting herself to her children, two of whom died in childhood. In fact, her first son, the dauphin, died on June 4, 1789...

Marie Antoinette became a widow when her husband was guillotined to death after being tried and convicted of treason in January 1793. Her two remaining children were subsequently taken from her. After a brief trial, Marie Antoinette herself was convicted of treason and also of sexual abuse of her son in October 1793. On October 16, she too was executed by guillotine. She was 37 years old."

Mula sa: http://www.pbs.org/marieantoinette/faces/antoinette.html

Mga Katanungan:

1. Saan nakapwesto ang guillotine sa larawan? Paano niyo naman ilalarawan ang ginagawa o reaksyon ng mga tao sa paligid?

2. Ilan sa mga namatay gamit ang guillotine ay si Haring Louis XVI at Reyna Marie- Antoinette. Batay sa kanilang naging buhay, sa inyong palagay, makatarungan ba ang naging kamatayan nila? Nakatulong ba ito sa pagbabago sa Pransya? Bakit o bakit hindi?

3. Kung kayo ay nasa Pransya noong panahon na iyon, at mayroong kapangyarihan at impluwensiya sa pamahalaan, pahihintulutan niyo ba ang ginawang pagbitay sa mga miyembro ng aristokrasya at sumusuporta sa kanila? Bakit o bakit hindi?

Rubriks para sa essay ng Takdang Aralin

5	Malinaw na natukoy at naipaliwanag ng mag-aaral kung paano naimpluwensiyahan ng French Revolution ang mga desisyon at mga naging pagkilo ni Andres Bonifacio sa loob ng lamang ng 5 pangungusap.
4-3	Natukoy ng mag-aaral ang impluwensiya ng French Revolution sa mga desisyon at kilos ni Andres Bonifacio ngunit bigong maipaliwanag ito nang malinaw sa loob ng 5 pangungusap.
2-1	Hindi nabigyang koneksyon ng mag-aaral ang French Revolution at mga desisyon at kilos ni Andres Bonifacio.
0	Walang ipinasang gawain.

Revolutionary Tea

There was an old lady lived over the sea
And she was an island queen.
Her daughter lived off in a new country
With an ocean of water between.
The old lady's pockets were full of gold
But never contented was she,
So she called on her daughter to pay her a tax
Of three pence a pound on her tea,
Of three pence a pound on her tea.

"Now, mother, dear mother," the daughter replied,
"I shan't do the thing you ax.
I'm willing to pay a fair price for the tea,
But never the three-penny tax."
"You shall," quoth the mother, and reddened with rage,
"For you're my own daughter, you see,
And sure 'tis quite proper the daughter should pay
Her mother a tax on her tea,
Her mother a tax on her tea."

And so the old lady her servant called up
And packed off a budget of tea;
And eager for three pence a pound, she put in
Enough for a large family.
She ordered her servant to bring home the tax,
Declaring her child should obey,
Or old as she was, and almost full grown,
She'd half whip her life away,
She'd half whip her life away.

The tea was conveyed to the daughter's door,
All down by the ocean's side,
And the bouncing girl poured out every pound
In the dark and boiling tide;
And then she called out to the island queen,
"Oh, mother, dear mother," quoth she,
"Your tea you may have when 'tis steeped quite enough
But never a tax from me,
But never a tax from me."